IGNITE First Christmas Party

Isang pinagpalang pagtatapos ng taon ang naganap sa IGNITE Ministry sa pamamagitan ng isang Christmas Party noong Disyembre 28, 2010. Kung inyong matatandaan noong Nobyembre 2010 sinimulan ang isang bagong ministeryo pang kabataan sa lugar ng banaba-tawid sapa kung saan humigit kumulang isang daang kabataan ang nakiisa sa nasabing gawain. Matapos ang matagumpay na gabing iyon, ang mga kabataang dumalo ay nauhaw sa pagtitipon. Kaya naman para matugunan ito, tinipon muli ni Ptr. Albert ang mga leaders sa Church at sa labas upang pag planuhan ang isang Christmas Party.

Hindi lamang magsaya ang layunin nito kundi magdagdag muli ng apoy sa puso ng mga kabataan. Kaya matapos ang pagpaplanong ginawa, gabi ng Disyembre 28, 2010 binuksan sa pamamagitan ng mga awitin sa pangunguna nina Ola maluya at Aljon Salipot ang kauna-unahang Christmas Party ng Ignite.

Muli na namang narinig ang tinig ng napakaraming kabataan na sabay sabay sa pag awit, pagpalakpak, pagtalon, at pag indak. Matapos ang awitan, sinundan naman ito ng mga palaro mula sa pinagsamang youth leaders ng MORIAH EVANGELICAL CHURCH AT NCF BANABA na lalong nagpasaya ng gabi.

Pinuno din ng iba't ibang special numbers mula sa mga churches at maging sa mga grupo ng mga kabataan sa labas ng church. Syempre hindi matatapos ang pagdiriwang ng walang panibagong hamon sa mga kabatatan mula sa Salita ng Diyos. Kaya pinangunahan ni Ptr. Emer ng Moriah ang mensahe na may temang "UNITED". Sa kabuuan, natapos ang programa na busog ang mga kabataan sa kasiyahan, sa Salita ng Diyos, sa pagkain, at higit sa lahat sa pag asa na mababuo ang isang grupo ng mga kabataang tuwid ang mga buhay. Nagpapasalamat kami sa mga Churches na nakibahagi gaya ng Moriah Evangelical Church, Lighthouse Christian Church, at Church of Christ in Makati.